**Ang Lungga**

## SYNOPSIS

Nagkagulo ang isang maliit na barangay sa paglitaw ng isang malaking butas sa gitna ng palayan. Hindi alintana ng mga residente na sa misteryosong paglitaw ng butas sa kanilang lugar ay masusubok ang kaibahan sa kanilang mga paniniwala. Isang butas ang matatakda sa sasapitin ng lahat sa mga susunod na araw ng kanilang mga buhay.

May lumitaw na isang malaking butas sa gitna ng palayan nang umagang iyon. Wala ni isang kaluluwa sa barangay ang nakaaalam kung saan ito nanggaling, paano nagsimula o kung ano ang dahilan.  Basta na lamang, isang umaga, bumungad sa tahimik na barangay ang tila sugat sa pusod ng bayan.

Nauna sa eksena ang mga magsasakang magsisimula na dapat sa kanilang trabaho sa bukirin. Sumunod ang mga matatandang maagang nagsisimba sa kalapit na tsapel na sa kabila ng pagtunog ng batingaw ay nahila pa rin sila ng nakaambang na balita. Naroroon din naman ang mga estudyante na noo'y babiyahe na sa kani-kanilang mga paaralan. Sumunod na dumating si Dario na lihim na nagdiriwang sa tuwing may naaabutang gulo.

Isang binatilyong nag-aaral sa unibersidad ang nagsabing 'sinkhole' ang tawag sa naturang butas. Nag-ikot ang mga mata ni Dario sa sinabi ng estudyante. Wala pa siyang naririnig na ganoon at batid niyang likas sa mga estudyante ang magmayabang sa mga nalalaman. Mabuti na lamang at nag-dropout siya sa hayskul bago pa matulad sa mga ito. Iginugol na lamang niya ang oras sa pagtulong sa sakahan at sa pagtanggap ng komisyon sa barangay. May kaalaman sa kompyuter kaya kumikita rin siya sa pag-i-encode ng mga dokumento, pagdidisenyo ng mga tarpaulin kapag may fiesta, naging errand boy siya ni Kap Asyong at ng kanyang mga opisyal. Pero ang pinakanahiligan niyang gawin ay ang gumuhit.

Napuno ng bulungan ang paligid, nabalot ng mga tanong ang mukha ng mga kabarangay ni Dario. Ang mga matatanda'y nagsimulang mag-antanda't magdasal ng mga sinaulong mga berso na matagal-tagal din nilang hindi nagagamit. Ang mg binata't

dalaga'y isa-isa nang pumaparoon upang tupdin ang tungkuling umalam sa mga pangyayari sa kanilang bayan.

Nadagdagan ang bilang ng mga estudyanteng at lalong nabalot ng pagkayamot ang mukha ni Dario. Nagpatuloy ang usapan sa groundwater levels, research, residue at iba pang mga terminolohiyang nagpasakit sa ulo niya. Nagpapasikat na naman ang mga estudyante at nag-aastang mga tagapagligtas ng lipunan. Iyon ang hindi niya maatim lalo pa't pinagmumukha silang mga taong-gubat ng mga ito sa mga pagpupulong. Kung ganoon naman pala ang naidudulot ng edukasyon, tama lang talagang naging dropout siya bago matapos ang taon.

Isang osyosero ang humakbang at naghagis ng bato sa loob ng butas - nagbabakasakaling maunahan ang mga estudyante sa paghahanap ng sagot. Naghintay silang may tumugon sa paghagis ng bato – walang tumunog o kahit na ano. Naghagis ulit ang osyosero – ngayon mas malaking bato na. Pero, wala. Nang tanungin ni Dario kung ano ang inaaasahan niyang mangyari, tumugon ang osyosero na baka raw ay lungga ng isang malaking hayop. May ganoong hayop daw sa bayan nila na sumusoksok sa ilalim ng lupa upang mangitlog. Kapag nangitlog daw ang naturang hayop sa isang lugar, ibig sabihin daw ay may darating."

"Maganda o masama ba 'yan?"

Nagkibit ng balikat ang osyosero tsaka nagpatuloy sa pagtapon sa butas ng kung ano-anong mga bagay na kanyang napupulot.

"Malalaman," bulong nito.

Bumaha ang marami pang teorya at mga haka-haka subalit sa kasamaang palad at sa karalitaan ng ideya't pag-unawa sa situwasyon, wala silang nakuhang sagot. Ang mga estudyante, ang mga osyosero at ang mga relihiyoso ay pare-parehong binigo ng kani-kanilang mga diyos.

Manaka-nakang itinataas ng isang babaeng deboto ang boses upang sapawan ang talakayan ng mga osyosero't osyosera lalong-lalo na ng mga estudyanteng noo'y naiirita na rin sa mga walang basehang bulong-bulongan ng mga matatanda. Nang hindi na nakatiis ang babaeng deboto, pumatong na siya sa nakausling ugat ng punongkahoy at buong pusong nagwikang:

"Hindi pa ba sapat na babala ang mahabang tagtuyot nitong buwan? Aba'y mangumpisal na kayong lahat!"

Pagkabanggit, kaagad na nagpikitan ang mga relihiyosa't hinigpitan ang hawak sa dala-dalang rosaryohan. Tila mga nakatagong sandata sa panahon ng himagsikan kung ilabas ng mga ginang mula sa kanilang mga bulsa ang mga ito. Maririnig naman ang bulungan ng mga estudyante, pagkatapos ay magtatawanan.

Subalit, hindi madaling mabalisa ang mga kabataan ng barangay. Hindi tulad ng mga naunang henerasyon, hindi sila mapapaniwalain sa mga bagay na walang malinaw na paliwanag o kahit yaong mga bunga lamang ng mga pag-aalala. Ito marahil ay dulot ng paglaganap ng edukasyon sa buong barangay na kumitil sa napakaraming kamangmangan.

Isang pananangis ang bumasag sa mga bulong-bulongan, sa mga irapan at pananaksil ng mga dila. Sa lilim ng isang nanlalagas na punong mangga, naroroon ang

isang ginang na hindi magkamayaw sa pag-iyak. Si Aling Beverly, ang butihing maybahay ng dating kapitan.

Kaagad siyang tinungo ng mga matatanda upang damayan siya sa kung anomang nagdulot sa kanya ng hinagpis. Sa kanilang pagtatanong-tanong, napag-alamang kasamang nahulog sa butas ang kanyang kalabaw na ayon sa kanya ay itinuring na niyang bahagi ng kanilang pamilya.

"Diyos ko po naman! Akala ko ba tinali mo nang maayos!?"

Pinagpapalo ni Aling Beverly ang anak na lalaki mula ulo hanggang puwet. Ngumiwi ang bata't namula sa hiya habang pinagmamasdan ang inang nagwawala. Magdadahilan sana ang bata. Sasabihin niya sanang kahit itinali niya nang pagkahigpit-higpit ang kalabaw, kasama rin namang nilamon ng butas ang kahoy na pinagtalian dito. Gumulong, tumayo, nagsisisipa ang ginang. Wala ito sa huwisyo upang tumanggap ng kahit na anong paliwanag. Kaunting gulong pa'y susunod na ito sa pinagbagsakang butas ng kanilang kalabaw.

Hindi na nakayanan ng ginang ang sariling pagkalugmok. Kandong-kandong ng kanyang bana, inilahad niya ang mga palad sa butas na para bang biglang lilitaw ang kalabaw at magbabalik sa kanyang piling tulad ng isang batang naligaw sa gubat. Pinatahan ng mga babae ang ginang at pinagbuksan ng bisig sa gitna ng mainit na panahon. Animo'y isang eksena sa isang dula-dulaan sa bayan. Ang mga kalalakihan naman ay nagboluntaryong hanapin ang kalabaw sa gubat upang makatakas sa hagupit ng matanda.

“Kung hindi pa nagkabutas e hindi rin magkakatao itong palayan,” isang nakasombrero ang lumapit sa kinatatayuan ni Dario.

“Tao na lang ang bumabaha rito ngayon.”

Hindi niya matiyak kung siya ang kinakausap ng mama o baka hindi lang nito namamalayan na nagsasalita na pala siya mag-isa.

Napailing ang nakasombrero habang tinatanaw ang lantad na katigangan ng buong palayan. Halos mag-iisang buwan nang hindi nalalasahan ng lupa ang ulan at ang mga kalapit na ilog ay kung hindi man tuyo, ay mababaw na rin dulot ng matinding init. Sa ngayon, pansamantala muna silang nakaasa sa mga nag-aabuloy ng tubig na dinadala sa kanila ng mga bombero na kung minsa’y inaabot pa ng tatlong linggo. Kung dumating man, ni hindi man lang umaabot sa kanilang mga singit ang rasyon ng tubig na natatanggap nila mula sa munisipyo.

Nakisali na si Dario sa pagtatanod kahit na mainit na rin ang kanyang mga singit. Maingat niyang pinag-aralan ang detalye ng mga pangyayari. Ang mga ekspresyon ng mga tao, ang posisyon ng araw sa umaga, ang mga naghihintuang sasakyan, ang trak na nagdedeliber ng baboy na ngayo’y nakaharang na sa daanan. Lahat ng mga kahina-hinala, mga mahihiwaga at di maipaliwanag, sinikap niyang maisaulo.

Parami na nang parami ang mga tao sa bahaging iyon ng kanilang lugar. Katagala’y dumating na ang mga opisyal ng barangay upang sumaklolo sa namumuong krisis. Balisa ang mukha, nakapambahay pa’t halatang bagong gising at nakakunot ang mga noo. May mga kalahating oras nagpalibot-libot sa paligid ang mga opisyal, pinagsisita ang mga nakatayo, ang mga nakaupo, maging ang mga payapang nag-uusap

hindi rin nakaligtas. Hinawi ang bawat talahiban, inangat ang bawat malaking bato nang hindi alintana kung ano ang hinahanap. Hindi nagtagal, pagkatapos ng maiikling kumustahan, nakitanong na rin sa mga tao ang ating mga lingkod-bayan.

Dinukot ni Dario mula sa dala-dalang bag ang isang lumang notbuk at isang lapis na sa sobrang ikli'y nagmukhang ligaw na tangkay ng kahoy. Naghanap siya ng pwesto kung saan mas makikita niya nang maayos ang butas. Natanaw niya sa malayo ang isang malaking muhon ng lupa na dati nilang pinaghihinalaang nuno sa punso. Nagtayo ng isang kamalig doon na ginawang pahingahan ng mga magsasaka tuwing tanghalian. Tinalunton ni Dario ang munting muhon ng lupa at doo'y naupo siya. Inilatag ang kanyang lumang notbuk at nagsimulang iguhit ang lahat ng mga isinaulong pangyayari.

Dahan-dahan siyang gumuhit ng isang malaking bilog sa gitna ng papel. Pagkatapos, maingat niyang iginuhit sa paligid nito ang iba pang maliliit na bilog. Hindi nagtagal, nagkamukha ang mga maliliit na bilog, nagkaroon ng anyo, ng buhok, ng mga damit. Nakaagaw-pansin sa kanyang guhit ang isang ginang na halos bumuka ang buong mukha sa pinagdaraanang hinagpis. Bumakas sa mga labi ni Dario ang isang ngiti habang iginuguhit ang bahaging iyon.

Nilaliman niya ang shading sa gitna ng malaking butas sa palayan. Diniinan pa niya nang diniinan hanggang wala nang puting papel pa ang nakikita sa bahaging iyon. Namangha si Dario sa kanyang obra maestra. Hindi niya akalaing maiguguhit niya maging sa pinakamababang imitasyon ang isang nakapanlulumong pangyayari.

Sa iba pang mga pahina, matatagpuan ang guhit ng iba't ibang hugis ng mga mukha, ng mga mata, ng ilong, ng mga tainga. Iba-iba man ang gupit at shading, lahat

ng mga ‘yon ay minsang mga bilog sa kanyang kwaderno. Minsang naikwento ng kanyang ina na mas nauna siyang natutong gumuhit kaysa magbasa at sumulat na para bang isinilang siyang may dala-dalang lapis at papel. Para kay Dario, Paraiso ng mga hugis ang mundo. Kaya sinkhole, impyerno o sumpa man, wala siyang pakialam kung ano ang tawag ng barangay sa butas. Para sa kanya, iyon ang pinakaperpektong hugis ng bilog na kanyang nakita.

Idinagdag niya ang iba pang mga delaye tulad ng mga kahoy, mga bahay sa likod ng mga nagkukumpulang tao, mga motorsiklo, ang makipot na daanan ng barangay at ang puno ng manggang kinaroroonan ng ginang na nakabuka ang buong mukha. Binalikan niya ang malaking bilog; ang misteryosong butas sa gitna ng baryo. Idinagdag niya ang ibang mga detalye tulad ng mga latay sa lupa na nagpapahiwatig ng labis na pagkatuyo. Hindi rin niya pinalampas ang mga opisyal na naroroon lang para manood sa halip na tumulong. Sa ibabaw ng mga ulo nito’y inilagay niya ang isang malaking tandang pananong. At bago pa man sumapit ang tanghali, isang piraso na ng pagkatao ni Dario ang nabuo sa loob ng kanyang kwaderno.

Sa wakas, nagising na rin mula sa pagkakaidlip ang ama ng barangay. Dumating na ang kapitan. Hindi magkamayaw ang mga tao. Lahat gustong magbalita, lahat gustong magsumbong kay Kap Asyong. Wala nang pinalampas na pagkakataon si Aling Beverly at tila ipo-ipong pinagbabangga ang mga taong nauna sa kanya. Maging ang mga matatandang kanina’y nag-aalay pa ng mga panalangin ay nagulat sa biglaang paglakas ng ginang. Totoo nga yata ang himala!

“Kapitan! Diyos ko po, Kapitan!”

Kinulong ng ginang sa kanyang nanglalaylay at matatabang bisig ang kapitan kung kaya't hindi ito nakawala. Hinagod-hagod ng kapitan ang likod ng ginang upang tumahan ito at nang lumuwag din ang yakap nito sa kanya. Pero pinupog lamang siya nito ng mga halik na para bang Nazarenong naghihimala. Halos maiyak ang batang kapitan sa pagtanggap ng mga malalagkit na halik ng ginang sa kalagitnaan ng napakainit na umaga.

"Paparating na po rito ang rescue team, h'wag na po tayong mabahala. At mangyari po'y lumayo muna tayo sa butas at baka mas lumaki pa ho iyan."

Kung hindi lamang kakambal ng serbisyo-publiko ang pagkamatiisin, binatukan na sana niya ang mga kabarangay na tila ipinaglihi sa monggo ang mga utak. Masakit mang isipin pero karamihan sa mga mahihirap umunawa ay yaong mga hindi nakatungtong ng hayskul na mas piniling mag-asawa nang maaga o kaya'y sumunod sa tawag ng relihiyon.

Dahil sa karalitaan ng kanilang barangay, at ng buong munisipyo sa pangkalahatan, pahirapan ang access sa edukasyon. Kung kaya't mabibilang lang din sa mga daliri ang mga estudyanteng nakatutungtong ng kolehiyo at mas lalong kakaunti ang bilang ng mga talagang nakapagtatapos. Maging ang kaniyang sarili ay muntik niyang hindi mairaos noong kolehiyo dahil sa pagdarahop.

"Kap, wala po bang darating na dump truck?"

Sumalubong sa kanya ang bana ni Aling Beverly; ang kanyang katagisan noong eleksyon. Iika-ika na itong maglakad dahil sa iniindang arthritis.

"Para saan po ba ang dump truck? Rescue team po kasi ang darating."

“Aba’y hindi po mahihila ng rescue team ang kalabaw namin diyan sa butas.”

Nagulat si Asyong sa narinig. Anong kalabaw ang tinutukoy ng matanda? Nagawi ang tingin ng kapitan sa malaking butas. Noon lamang niya nabatid ang lawak nito. Kung susumahin, nasa pitong metro ang lapad ng butas at may lalim na hindi pa nila nalalaman. Dali-daling lumapit sa kanya ang grupo ng mga estudyante at nagprisenta ng kanilang paliwanag. Naramdaman niyang nanlisik agad ang mga mata ng mga matatanda na tila mga patalim na tumatarak sa kanyang likod.

“Kap *ASAP* po talagang maipasara na po ang minahan,” protesta ng isang estudyante. Sabay namang nagtanguan ang iba pa.

“H’wag na muna tayong magpadalos-dalos sa ating mga kongklusyon,” awat ng kapitan sa mga nag-aapoy nang mga kabataan.

“Pero Kap Asyong, eto pong sinkhole na ‘to ay simula pa lamang po ng mas maraming problemang darating kung hindi po tayo makikiusap kay meyor.”

Nagkandaduling-duling si Asyong sa pangongompronta sa kanya ng mga estudyante. Ang totoo, hindi naman talaga niya naiparating sa alkalde ang hinaing ng barangay ukol sa operasyon ng minahan sa kanilang lugar. Sino naman ang maglalakas-loob na iprisenta sa alkalde ang isang hakbang na sasagabal sa pag-unlad ng munisipyo? Isa pa, batid niyang kumikita nang malaki ang munisipyo buwan-buwan mula sa minahan. Sa katunayan, tuwing magagawi ang usapan ng konseho sa petisyon ay biglang umiinit ang ulo ng alkalde o di kaya’y nagdadahilang may ka-meeting na mga konsehal. At panghuli, sa lahat ng mga kapitan, nag-iisa lang din si Asyong sa petisyong

itigil ang minahan sa kanilang baryo. Dahilan upang mas lalo siyang pag-initan kung kaya't matagal din ang pagpapakabit ng linya ng tubig sa kanilang barangay.

"May permit to operate naman ang minahan. Hindi natin pwede basta-basta ipasara lalo pa't may mga nakaasang trabahante."

Halos manginig ang kalamnan ni Asyong sa kanyang sinabi.

"Wala na pong mga trabahanteng ipapasok sa minahan kung mamamatay po tayong lahat dahil sa polusyon at sakuna," paliwanag ng nakasalaming estudyante.

Namuo ang dugo sa ulo ni Asyong. Noong nakaraang taon lang, inanyayahan pa niya ang mga estudyante na magbigay ng lektyur sa kanyang kampanya ukol sa Anti-Mining Movement na pinangungunahan ng mga taga-DENR laban sa lokal na pamahalaan. Malakas noon ang boses ng mga kabataan kung kaya't nakuha niya ang suporta nito pati na rin ang suporta ng mga magulang. Naipanalo niya ang eleksyon at nangakong mangunguna sa pagpapasara sa minahan. Ngayon, siya na ang kinukuyog at siya na rin ang nagtatanggol sa kawalan ng aksyon ng munisipyo sa kanilang problema.

"Kapitan Asyong, ako po matanda na. Ang kalabaw ko na lang po ang natitira naming yaman. Tapos ngayon, mawawala pa! Kawawa naman po kami."

Nakiusap si Aling Beverly sa butihing kapitan na ipauna sa darating na rescue team ang pagkuha sa kalabaw mula sa butas. Nag-almahan ang mga estudyante dahil pinapabilis din nilang makipagkita ang kapitan sa alkalde at isangguni ang kanilang problema.

Sa kasamaang palad, hindi inukit mula sa parehong hulmahan ang mga estudyante at si Aling Beverly. Nagwala ang ginang nang marinig ang pagsalungat ng

mga estudyante. Maririnig ang mga pinaghalong hagulhol at mura, mga pakiusap at pagpapaunawa. Hanggang sa nagpalitan na ng mga matutulis na salita na kalauna'y naging mga kamao at hablot. Pumagitna si Asyong sa namumuong tensyon, tinanggap ang mga ligaw na sampal ng kulu-kulubot na kamay ni Aling Beverly. Maya-maya pa'y nakigulo na rin ang mga magulang ng mga estudyante at pinagmumura na ang ginang. Nang mga sandaling 'yon, ipinagdasal ng Batang Kapitan na sana siya na lamang ang nahulog sa butas. Sana siya na lamang ang iniiyaka't ipinapasagip.

Napahagikhik si Dario sa kanyang nasaksikhan sa ibabaw ng muhon. Alam na niyang mauuwi sa gulo ang banggaan ng mga estudyante at ng mga matatanda sa kanilang barangay. Ganitong-ganito rin ang halalan noon sa pagitan nina Kapitan Asyong at ng dating kapitan na si Tiyong Rudy. Nang manalo si Asyong at hiranging kapitan, may kung anong hindi maipaliwanag na utang na loob ang binatilyong kandidato sa mag-asawang Beverly at Rudy. Marahil nang mapalitan ang matanda, parang tinanggalan na rin niya ito ng trabaho.

Naputol ang kanilang bangayan sa pagdating ng bomberong tagahatid ng mga rasyon ng tubig. Kung karaniwang araw 'yon sa barangay, mababalot sana ng mga ngiti ang mukha ng mga tagaroon dahil sa wakas, may tubig na rin. Subalit, nang araw na 'yon, sa paglitaw ng butas sa baryo, ni hindi man lang nila napansin ang pumapanhik na biyaya. Magkakatubig na sila subalit nakapako pa rin sa butas ang kanilang mga mata.

"Bakit hindi po natin lagyan ng tubig nang malaman po natin kung gaano kalalim?" Mungkahi ng nakasombrero pagkakita sa dumarating na trak ng tubig.

Bumakat ang inis sa mukha ng kapitan.

“At magsasayang pa tayo ngayon ng tubig?”

“Ay tama yata ang mungkahing ‘yan. Baka sakaling lumitaw ang aking kalabaw!”

“Mas lalo pong lalaki at lalawak ang sinkhole kapag ginawa po natin ‘yan,” nagpaliwanag ulit ang nakasalaming estudyante na halatang napipikon na rin.

“Wala po muna tayong gagawin hangga’t hindi pa tayo sigurado kung gaano kalalim ang butas,” wika ng Batang Kapitan na nagpipigil magsermon.

Nakiusap si Kapitan Asyong sa mga bombero na silipin ang lalim ng butas at tignan kung may tao o kalabaw na nahulog sa loob nito. Gamit ang kanilang lubid, dahan-dahang lumusong sa loob ng butas ang bombero kahit na bakas sa mukha nito ang takot at pangamba. Maingat na nakabantay ang mga tao kung mayroon bang sisigaw o aatungal – tao man o kalabaw.

Unti-unting naglaho sa dilim ang bombero subalit naaaninag pa rin naman nila ang ilaw sa ibabaw ng hard hat nito. Nagdaan ang sampung minuto o higit pa, bigla itong sumenyas sa pamamagitan ng paghila ng dalawang beses upang siya’y iangat na.

Nang tanungin ni Kapitan Asyong ang bombero, nagsabi itong tumigil na siya sa pagbaba pagkatapos ng dalawampung metro dahil palamig na nang palamig at dumidilim na rin ang paligid. Wala rin daw itong narinig na boses ng mga tao o ng kahit na anomang uri ng hayop. Nabigo ang kapitan na makakuha ng malinaw na sagot sa mga nangyayari. Sa loob-loob niya, walang ibang dapat sisihin dito kundi ang alkalde at ang minahan sa kanilang lugar.

Sa hindi kalayuan, iginuguhit na ni Dario sa kanyang notbuk ang batang kapitan – ang naglalakihang butas ng ilong nito at ang mga kilay na halos magtagpo na sa labis

na pagkabalisa. Sa kabilang pahina naman ay ang mukha ng bomberong dilat ang mga mata at may patpating pangangatawan. Hindi tulad ng mukha ng kapitan, hindi kabisado ni Dario ang mukha ng bombero kung kaya't nagkasya na lamang siya sa abot ng kanyang paningin.

Isang patrol car sa halip na rescue team ang dumating. Nakarating na sa alklade ang krisis sa kanilang barangay. Umasa silang dadalaw ito at mag-aabot ng tulong subalit tatlong pulis lamang ang inatasan na magtanod muna at mag-imbestiga sa paligid. Ikinabit ang yellow tape na may nakasulat na, *Police Line Do Not Cross* sa paligid ng butas upang hindi na lapitan pa ng mga tao. Kung ano ang magiging hakbang ng tanggpan ng alkalde pagkatapos ng imbestigasyon, hindi rin nilinaw ng mga pulis kay Asyong.

Paunti-unting nawala ang mga tao sa palayan. Ang mga estudyante'y nagpasya nang igugol ang kanilang talino sa kanilang mga silid-aralan sa halip na makipagtalo sa mga politiko at matatandang babae. Ang mga magsasaka'y pinagbawalan munang magtrabaho sa utos ng kapitan dahil sa pangambang magkaroon pa ng ibang sinkhole. Si Aling Beverly ay isinugod muna sa barangay clinic upang pakalmahin at ma-check ang kanyang altapresyon. Ang mga osyosero'y bumalik sa kani-kanilang mga tahanan upang umidlip muli.

Dumaan ang ilang oras at wala pa ring rescue team o ni anino ng alkalde ang nagparamdam sa barangay. Ang oras ay naging araw hanggang sa naging dalawa, tatlo. Hindi nahanap ang kalabaw, wala nang bumalik na mga pulis. Si Kap Asyong naman, sa kabila ng halos araw-araw na patgtatanod ay hindi pa rin nakahanap ng sagot.

Limang araw mula noong lumitaw ang butas, umulan nang pagkalakas-lakas. Tumagal nang halos isang araw ang pag-iyak ng langit na para bang nakikiluksa rin sa mga nangyayari sa kanilang baryo. Pagkatapos ng ulan, biglang nagpatawag ng pagpupulong si Asyong sa kanilang bulwagan. Dahil nasa state of calamity ang barangay, nakadalo ang halos lahat. Ipinabatid niyang ilalakad niya ang oposisyon ng mga estudyante sa munisipyo hinggil sa pagpapasara ng minahan. Ipinabatid din niyang ipinangako ng alkalde ang pagkakabit ng linya ng tubig sa kanilang baryo. Nagpaabot din ng tulong pinansyal ang alkalde sa lahat kung kaya't nabayaran sina Aling Beverly at Tiyong Rudy sa nawala nilang kalabaw. Maliban dito, misteryosong nakatanggap ng mga scholarship ang mga estudyanteng nag-lecture sa kampanya ni Kap Asyong. Ang sabi, nagpapasalamat daw ang alkalde at may mga kabataang aktibo sa pangangalaga sa kapaligiran. Hindi na rin umimik ang mga estudyante sa pagpupulong bagama't maaaninag sa mga mukha nito ang pagkamuhi. Hindi akalain ni Dario na pwede naman palang manahimik sa halip na sumapaw at magmarunong ang mga ito.

Hindi nagtagal, bumalik na rin sa normal ang lahat. Hindi tulad ng umagang 'yon, hindi na muling pinagkaguluhan pa ang butas. Wala na ni isang kaluluwa ang nag-ukol ng pansin, ni sulyap man lang. Lahat, maliban kay Kapitan Asyong.

May mga nakakakita diumano sa batang Kapitan na tila balisa habang paroo't parito malapit sa bunganga ng butas. Minsan pa nga, may kausap ito sa telepono at tila'y nakikipagtalo. Kapag may nakakamasid sa kanyang kumukunot ang noo, wari'y naaalala niyang may imahe siyang pinangangalagaa't biglang nag-aalay ng isang pilit na ngiti sa kanyang mukha.

Pansamantala munang itinigil ang pagsasaka at temporaryong binigyan ng hanapbuhay sa minahan ang mga magsasakang nawalan ng kita. Muling bumalik ang nakasanayan, ang kawalan ng paggalaw, ang kawalan ng ingay, ang kawalan ng gulo.

*Ang kawalan ng hugis.*

Dumaan ang isang buwan, naroroon pa rin ang butas. Ang yellow tape na ipinalibot dito'y sumadsad na sa lupa. Dumadalaw pa rin ang kapitan doon at pasilip-silip sa loob ng butas na parang may hinahanap. Hanggang sa nauwi sa isang nakababahalang usapan ang nakapagtatakang kilos ng ama ng barangay. May mga sabi-sabi na madalas raw itong hindi makatulog sa gabi at umaalis nang hindi nagpapaalam. Dahil binata, madalas siyang walang kasama sa bahay maliban sa kanyang bantay kung kaya't malaya siyang nakapupunta kung saanman gustuhin.

Dumalas ang ulan linggo-linggo, bumuti ang kalagayan ng palayan, ng katabing ilog at ng mga bungang-kahoy sa paligid. Ang punong manggang pinag-iyakan ni Aling Beverly ngayo'y nakabalik na sa dati nitong alindog at namunga pa. Ang mga relihiyosa'y madalas nag-iiwan ng mga basket ng prutas, gulay at iba pa malapit sa butas. Narinig pa minsan ni Dario mula sa bunganga ng sariling ina ang katagang, "Banal na Butas" na siyang pinagmumulan ng tawanan nila ng kanyang ama.

Hindi nagtagal, ganito na rin ang naging bukambibig ng iba niyang mga kabaryo. Ang butas daw ay isang naghihimalang pugad tulad ng sinapupunan ni Maria noong ipinagbubuntis niya si Hesu Kristo. Kinailangan daw masawi ang kalabaw ni Aling Beverly upang magdulot ng napakaraming biyaya sa barangay. Kung kanino nagsimula

ang teorya, hindi niya na rin alam. Wala na rin siyang narinig na may estudyanteng nag-atim na baguhin ang paniniwala ng barangay.

*Totoo nga yata ang himala!*

Binalikan muli ni Dario ang ginuhit niyang butas sa notbuk. Tinitigan niya ito hanggang sa unti-unti nang gumuguhit ng linya at bilog ang kanyang kamay. Sa gitna ng butas, iginuhit niya ang pares ng mga matang tila nagmamasid sa kanilang lahat habang sumusungaw ang mga tao sa loob nito.

Sa labas ng kanilang tahanan, nakikipag-usap sa mga kapitbahay nila ang kanyang mga magulang. Nagtipon-tipon sa kanilang bakuran ang mga kapitbahay dala-dala ang mga kapupulot na balita.

"Si Kap Asyong, nababaliw na yata."

"Mismo! Eh ang balita lalong pinag-initan ng alkalde dahil konsintidor sa mga estudyanteng 'yon. Matatanggal daw at ipapalit si Tiyong Rudy."

"Hala totoo?"

"Ewan ko lang din. Bata pa kasi siya e. Kulang pa sa karanasan sa politika."

"Pag si Tiyong Rudy e baka dumalas na rin ang mga sabong tuwing Linggo."

"Ay! Hindi na magsasabong 'yon. Hindi n'yo ba narinig ang balita?"

"Anong balita?"

"Nakabili raw ng motor. Akala ko ba may rayuma 'yang matandang 'yan?"

"Baka si Aling Beverly ang mey gusto. Alam mo naman 'yon."

"Ibenta ba naman ang kalabaw nilang buntis sa dobleng halaga!"

"Doble?"

“Oo day! Magaling talaga sa sales talk ‘yang si Aling Beverly. Nagtataka nga ako at ba’t hindi pa tumakbong kapitana e.”

“Pero eto pang mas matindi.”

Idiniin ni Dario ang kanyang tainga sa bintana upang makinig.

“Nauwi ‘yong panganay nila na ikakasal dapat sana do’n sa isang abogada ba ‘yon. Naalala n’yo?” Nagtanguan ang mga kausap.

“Isang araw bago ‘yong insidente sa palayan, nakita raw na may tinanggap na pera mula sa may-ari ng pahayupan sa bayan. Ang duda ng iba, ibinenta raw ‘yong kalabaw nila at lumuwas sa Maynila!”

“E ba’t nauwi kamo?”

“E baka ubos na ang kinita do’n sa kalabaw.”

“E pa’no ‘yong nobyang abogada?”

“Hindi sinama siguro. Walang binanggit tungkol sa babae.”

Naputol ang usapan nang napadaan mula sa paglilibot ang isa sa mga kagawad ni Kap Asyong. Nawawala na naman ang kapitan at hanggang ngayon hindi pa umuuwi.

“Nagbabakasali lang ako kung nakita n’yong dumaan dito.”

“Wala po e. Hindi po ba nagpunta sa bayan para kitain ang alkalde?”

“Tumawag na ako ro’n at wala raw sa munisipyo. Isa pa, hindi naman pupunta ng bayan ‘yon nang hindi dala-dala ang motorsiklo n’ya. Nakaparada lang sa bahay e.”

“Baka naman po e nakikipagpulong sa mga paborito niyang mga estudyante.”

“Masama ngayon ang timpla ni Kap sa mga estudyante dahil napag-initan tayo lalo ng akalde. Eh nagtapang-tapangan kasi siya no’ng huling miting,” salaysay ng

kagawad na noo'y hindi na namalayang nakikipagkwentuhan na pala siya sa halip na hanapin ang kanyang amo.

Mula sa bintana, iginuhit ni Dario ang mga nag-uusap-usap na mga kabarangay. Paubos na noon ang kanyang nag-iisang lapis. Sa dinami ba naman ng mga nangyari nitong mga nagdaang araw, ikinagulat niyang may natira pa.

"Napapansin namin sa opisina, bigla na lang natutulala at kapag kinakausap parang hindi mo maintindihan ang mga sagot."

"Kawawa naman si Kap. Baka nag-aaburido dahil gusto pa naman niyang kaibiganin ang alkalde para pakabitan na tayo ng linya."

"Haynako isa pa 'yan! Diyos ko salamat na lang talaga at may ilog tayo rito."

"Kung hindi lang sana siya nagmamarunong. Minsan kasi nakahahawa rin ang kayabangan ng mga estudyante e no?"

Tumango-tango si Dario habang iginuguhit ang mga hugis sa kanyang kwaderno.

Maya-maya pa'y, tumunog ang busena ng minahan. Nakapanghihilakbot ang tunog ng tila umiiyak na halimaw sa tuktok ng bundok. Nagkagulo ang mga nag-uusap gayundin ang iba na noo'y nananahimik lang sa loob ng kanilang mga tahanan. Naglabasan isa-isa ang mga tao kabilang na si Dario na noo'y bitbit pa rin ang kanyang notbuk at lapis.

"Pangalawang beses ko nang narinig 'yon a," wika ng isang lalaki.

Naroon ulit ang mamang nakasombrerong nakilala natin sa palayan. Iyon nga lamang, hindi na siya nakasuot ng sombrero. Marahil ay madalang na lang din kasing umaraw sa kanilang lugar.

“Kailan n’yo po unang narinig?”

Nagtanong si Dario.

“Di mo maalala? Isang gabi bago ang araw na ‘yon,” nagtapon ng isang makahulugang tingin ang lalake kay Dario.

“Bago makita ang malaking butas sa palayan.”

Inalala ni Dario kung mayroon nga siyang naaalala subalit natitiyak niyang payapa ang gabi bago ang umagang ‘yon.

Umalingawngaw ang busena sa buong barangay na ikinatakot ng napakaraming deboto at inihalintulad nila sa iyak ng isang anghel ang naririnig. Natanaw din nila nang mga sandaling ‘yon na may namumuo na namang gulo sa palayan.

“Dario, dalian mo at nagkakagulo ang mga estudyante at mga kagawad!”

Wala nang panahon pa para magtanong. Hindi na namalayan ni Dario na dinala na pala siya ng sariling mga paa sa palayan.

Sa dagat ng mga tao, nakita ni Dario ang mga estudyante na galit na galit habang nakikipagtalo sa mga kagawad ng barangay. Pumagitna ang mga magulang habang emosyonal na nag-iiyakan ang mga anak sa likod. Naguluhan si Dario sa kanyang nasaksihan. Hindi pa niya nakikitang naging emosyonal ang mga estudyante sa kahit na anong harapan. Humakbang pa siya hanggang sa makita niya ang isang katawan na nakahandusay sa lupa. Nakilala niya ang suot na polo shirt. Pagkakita’y may kung anong kuryente ang gumising sa kanyang buong kamalayan.

Naroroon si Kap Asyong, maputlang-maputla, dilat ang mga mata at basang-basa na para bang buong gabing nakalubog sa tubig. Matigas na ang katawan nito’t hindi na

rin humihinga. Kinapkapan siya ng mga kagawad at sinabing nawawala raw ang telepono nito kaya't maaaring pagnanakaw ang motibo. Hindi naman nila naipaliwanag kung bakit hindi kasamang kinuha ng mga magnanakaw ang alahas. May ilang nagsabing maaaring nagpakamatay ang kapitan sa labis na pagkaipit sa alkalde.

"Baka tumalon sa ilog!"

"At dito na binawian ng buhay?"

Tikom naman ang bibig ng mag-asawang Beverly at Rudy kahit na bakas sa kanilang mga mukha ang panghihilakbot. Maging ang kagawad at mga tagasuporta ng kapitan – maliban sa mga estudyante ay tila nabusalan din ang mga bibig.

"Sabi ko na," lumitaw ulit ang lalakeng nakasombrero.

"Babaha lang talaga ng mga tao rito kapag may problema."

Nangilid ang luha sa mga mata ni Dario pero hindi niya rin magawang umiyak. Bakit tila walang nababahala sa pagkamatay ng kapitan maliban sa mga estudyanteng nakaalitan niya?

Tinanaw niyang muli ang butas na ngayo'y tila bunganga na ng kamatayan sa kanyang paningin. Totoo nga kayang lungga ito ng isang malaking hayop? O baka naman totoo ang mga sinasabi ng mga deboto na may nabubuong kabanalan sa ilalim nito at kinakailangang pakainin?

Lumakas nang lumakas ang busena sa minahan – ang bawat pagsigaw nito'y tumatawag sa kanilang atensyon. Naisip ni Dario kung isa na naman kayang panibagong butas ang sasalubong sa kanila kinaumagahan? Pero paano ang usap-usapan tungkol sa anak nina Aling Beverly at Tiyong Rudy na totoong kumuha sa kalabaw? Paano kung

tama ang mga estudyante? Paano kung isa sa mga kagawad ni Kap Asyong ang pumatay sa kanya sa ilog at naglagay sa kanyang katawan sa palayan?

Nanigas siya sa kanyang kinatatayuan. Nagblangko ang kanyang isipan tulad ng isang papel na naghihintay guhitan. Inunat niya ang kanyang kamay – gumalaw ang mga daliri. Sinamantala niya ang pagkakataong iyon upang dukutin sa kanyang bulsa ang kanyang lapis. Subalit, sa labis na panginginig, nabitawan niya ito at nahulog sa lupa ang kapiranggot na lapis. Gumulong-gulong ito – natatapakan, nasisipa ng sinomang magdaraan. Hinabol ni Dario ang lapis hanggang sa makarating siya sa bunganga ng butas. Hinawi niya ang nakaposteng kahoy na may yellow tape. Isang maling galaw na lang, gugulong na sa butas ang kanyang lapis.

Sa hindi maipaliwanag na dahilan, may kung anong galit ang lumukob sa kanyang puso. Ang mga luhang kanina pa niyang pinipigilan, ngayon ay kumawala sa kanyang mga mata at naghahanap ng mapagbabagsakang bisig. Nabalot ng sigawan, iyakan at murahan ang buong paligid. Lumakas pa nang lumakas ang busena at wari'y kasabay niya ring nagdadalamhati ang mga bundok. Marahan niyang sinilip ang butas, nagbabakasakaling naroroon ang pares ng mga matang kanyang iginuguhit sa papel. Anong klase ng hayop kaya ang naririto sa loob ng lungga? Nilingon niyang muli ang nagkukumpulang mga tao sa likod. Hinanap ang osyoserong nagkwento sa kanya tungkol sa isang misteryosong hayop. Nais niya lang sanang marinig muli ang kwento. Pero hindi na niya ito nakita.

Nagawi siya sa kinatatayuan ng nakasombrero. Nakatingin ito sa kanya at nakakunot-noong pinagmamasdan ang kanyang kilos. Sumisenyas ito sa kanyang lumayo sa butas pero hugis na lamang siya sa mga mata ni Dario nang mga oras na 'yon.

Pinagtapunan niya ng huling tingin ang bangkay ng kapitan. Nakahandusay pa rin sa lupa, wala ni isang kaluluwa ang yumakap, walang nagsara sa nilalangaw nang mga mata at bibig. May pagkakataong natatapakan pa ito dahil sa tulakan ng mga nagtatalo.

"Bumabaha lang talaga ng tao rito kapag may gulo," bulong niya sa sarili.

Walang nakaaalam sa mga huling inisip ng kapitan bago lagutan ng hininga. Walang makauunawa sa kanyang pagkamatay, walang makaaalala sa kanyang paglisan. Subalit, hindi 'yon mangyayari sa kanya. Ayaw niya 'yong mangyari sa kanya. Binuksan ni Dario ang notbuk, isa-isang binalikan ang kanyang mga guhit. Sinulyapan niya ang unang araw na lumitaw ang butas. Magulo. Maingay. Puno ng hugis.

Hinanap niya sa lupa ang kanyang lapis pero wala na ito roon. Nalungkot siya. Hindi sapat ang isang kapiranggot na lapis. Dahan-dahan niyang itinabi sa gilid ang notbuk. Narinig niyang tinatawag siya ng nakasombrero at pinababalik pero hindi na siya muling lumingon pa.

"Kailangang kumain ng hayop," wika ni Dario bago maglaho sa dilim.